

1

“Ano! Nagbibiro ka ba, Attorney?” Sa sobrang galit ay napatayo si Janine sa kinauupuang silya. Kasalukuyan niyang kausap si Atty. Modesto David, isang tapat na kaibigan ng kanyang ama at malapit sa kanilang pamilya.

Nag-uusap sila sa terrace at ang mga papeles ay nakapatong sa kaharap na mesa. Kinuha niya ang mga iyon at pinasadahan ng tingin. Ngunit masyadong mahaba ang testamento. Nainip siya kaya ibinagsak niya iyon sa mesa. “Sabihin mong nagbibiro ka lang, Attorney!”

Nang pinuntahan siya ng abogado sa bahay, sinabi nitong lahat ang dapat niyang malaman tungkol sa naiwang ari-arian ng ama. She was furious when she heard the condition that was stated in the will.

Bilang nag-iisang tagapagmana ni Francisco Madrid ay maiiwan sa kanya ang lahat ng ari-arian nito. Kasama na roon ang lupa at bahay nila sa Antipolo at sa Sta. Mesa. Ang farm sa San Isidro na isa pang pag-aari nila ay mapupunta lamang sa kanya kung.... Nanggigil tuloy siya.

In-adjust muna ng abogado ang eyeglasses nito bago muling nagsalita, “I’m afraid not. Kailangan mong pakasalan si Mr. Jeric Ramirez. Maliwanag na ‘yon ang hangarin ni Francisco. Ako mismo ang gumawa ng testamento, hija. Wala akong magagawa dahil ‘yon ang kagustuhan niya.”

Nagpalakad-lakad siya sa harapan nito habang nakapamaywang. “Damn! Paano kung hindi ako pumayag? Wala kayong magagawa suwayin ko man ang kagustuhan ni Papa. You can’t take away my rightful inheritance! Higit kaninuman ay ako ang mga karapatan sa farm!”

Sa totoo lang ay wala siyang pakialam sa iba pa nilang ari-arian. Ngunit napakahalaga sa kanya ng farm. Dito na siya lumaki at nagkaisip. Ang lahat ng kanyang alaala mula pagkabata ay naririto....

“Nagkamali ka, Janine. Kapag hindi mo sinunod ang kondisyong nakasaad sa testamento ay mawawala sa ‘yo ang farm. I have no choice but to sell it, at pagkatapos ay i-donate ang salapi sa *Hospicio De San Ramon*. Ayoko sanang mangyari ‘yon kaya mas mabuti pa’y sundin mo na lamang ang kagustuhan ng iyong ama,” payo nito.

“Attorney, wala ka na bang magagawa tungkol sa bagay na ‘yan? Hindi mo na mababago ang

kondisyong hinihiling sa testamento?”

Umiling ang kausap. “The will is irreversible. Hindi na ito puwedeng baguhin pa.”

Nang mga sandaling iyon ay galit talaga ang dalaga. Paano nagawa ng sariling ama na ipagkait sa kanya ang farm? Alam naman nito kung gaano iyon kaimportante sa kanya. Hindi nga ba’t magkatulong sila noon sa pagpapalago niyon? Ngunit bakit ganito ang nangyari ngayon?

Janine hated her father sometimes. Ngayon ay isa sa mga pagkakataon na kinaiinisan niya ito. Kahit pa nga ilang buwan na rin ang nakakalipas mula nang ito ay pumanaw.

Namatay ito sa sakit sa puso. Kinaiinisan niya rin ang matanda pagkat inilihim nito ang mahinang kondisyon ng pangangatawan, pero dahil mahal niya ito ay madali niyang nakalimutan ang atraso ng ama. Kahit pa nga nang di-naglaon ay iniwan siya nitong mag-isa.

Wala na ang kanyang ina. Matagal na itong kinuha ng Diyos, mula pa nang mamatay dahil sa panganganak sa kanya. Kahit ganoon ang nangyari ay hindi siya kinamuhian ni Francisco. Bagkus ay ibinuhos nito sa kanya ang lahat ng atensyon at

pagmamahal sapagkat nag-iisa lamang siyang anak. And she loved him too. Kaya nga masyado siyang nasaktan nang pumanaw ito.

Ngunit ngayon ay hindi niya maintindihan ang nais nitong mangyari. Ilang linggo na rin mula nang pumanaw ito ngunit pakiramdam ng babae ay hawak siya nito sa leeg. Kaya nga sobra ang nararamdaman niyang galit ngayon.

“Attorney, alam ninyo kung gaano kaimportante sa akin ang farm. Puwede ko bang malaman kung bakit gan'on ang hinihiling na kondisyon ni Papa?” Muli siyang naupo sa silya dahil na rin sa disappointment na nararamdaman. Hindi niya alam kung magagalit o iiyak.

“Katulad mo'y hindi ko rin alam ang dahilan sa likod ng pangyayaring ito. Pero naniniwala akong mabuti ang kanyang layunin.”

“Talaga, Attorney? Sige nga, sabihin n'yo sa akin, ano'ng mabuti sa desisyon ni Papa? How could he do this to me? Bakit pinahihirapan niya ako nang sobra? Ako na anak niya?”

Nagkibit-balikat ito. “Hindi ko rin alam.”

Naisip ni Janine, alam naman ng kanyang ama na wala sa kanyang isipan ang pag-aasawa! Ilang beses

na ba nilang pinagtalunan iyon dati? Ang akala niya ay tanggap na nito ang katotohanan na kahit kailan ay hindi siya mag-aasawa. She loved her independence at isa pa ay wala siyang nararamdamang atraksyon sa opposite sex. Bakit ba hindi nito matanggap ang kanyang pagkatao? And of all people, bakit si Jeric pa ang napili nitong pakasalan niya?

Sa kanyang pag-iisip ay pumasok sa isipan ang isang ideya.

“Okay. Since ipinagpipilitan ni Papa ang kanyang kagustuhan, then so be it. Magpapakasal ako kay Jeric para mapasaakin ang farm. Ngunit pagkatapos niyon ay magpa-file ako agad ng annulment.”

“Again, I’m sorry. Kung gusto mong manatili sa ’yo ang pagmamay-ari sa farm ay kailangang makisama ka muna kay Mr. Ramirez sa loob ng dalawang taon. Dalawang taon, hija. Kung makikipaghiwalay ka nang hindi natatapos ang dalawang taon ay mababale-wala ang pagsasakripisyo mo.”

“What! But that’s bullshit!” bulalas niya.

“Totoo ang sinasabi ko, Janine,” seryosong sabi ng matanda. “Nasa iyo ang pagpapasya. Anim na linggo ang palugit para makapagdesisyon ka. Inaasahan ko na sa loob ng panahong iyon ay pupuntahan mo ako

sa opisina upang muli tayong makapag-usap.”

Umalis si Atty. David matapos ang pag-uusap na iyon.

Bakit napaka-unfair mo, Papa? himutok niya sa sarili.

Kontento na sana siya sa kanyang buhay. Narito siya sa San Isidro habang pinagyayaman ang pinakamamahal na farm. Ngunit ang lahat ay maaaring mawala sa loob lamang ng anim na linggo....

Inisip ni Janine ang pinakamainam na solusyon sa kanyang problema. Pero napakatagal para sa kanya ng dalawang taon. Kailangan ba talaga niyang makisama sa kanyang best friend... rather *former* best friend?

Paano ang farm sakali mang tanggihan niya ang hiling ng ama? Sa charity ang bagsak niyon kapag nagkataon.

Goddamn it! Sigurado siyang may kinalaman si Jeric sa nangyari. Napakaimposible namang gawin ng kanyang ama ang bagay na iyon kung hindi lang ito naimpluwensyahan.

Ah, kailangan niyang makausap ang lalaki sa

lalong madaling panahon!

Kinahapunan ay pinuntahan niya si Jeric sa tinutuluyan nito. Ilang bahay lamang ang pagitan ng kanilang tahanan mula rito, ngunit dahil nasa probinsya ay napakalayo ng agwat sa bawat isa.

Pagkarating sa bahay nito ay hindi niya ito nadatnan. Tanging si Aling Isay lamang na katulong nito ang kanyang nakausap. Ayon dito ay nasa bayan ang lalaki. Isa itong veterinarian.

Nais man niya itong sadyain sa clinic ay hindi maaari. Ayaw niyang makaabala sa trabaho nito. Gayunman ay pagkainis ang kanyang naramdaman. Pakiramdam tuloy niya ay pinagkaisahan siya ng lahat ng puwersa. Nagpasalamat na lamang siya sa matandang babae.

Nasayang tuloy ang kanyang oras. Imbis na ang farm ang inasikaso niya ngayon, heto at narito siya sa bahay ng tinamaan ng lintik na lalaki. Ayaw na ayaw pa naman niyang naiistorbo ang trabaho sa farm.

Binalikan ng dalaga ang nakaparadang owner-type jeep at nilisan ang lugar na iyon. Napakarami pa namang araw para makapag-usap sila ng binata.

Habang nagmamaneho pabalik sa bahay ay laman ng kanyang isipan si Jeric. Matalik silang magkaibigan... noon.

Magkababata sila ng lalaki. Sabay silang pumasok sa isang pribadong eskuwelahan sa bayan, sabay ring nagtapos ng high school. Nagkahiwalay lang sila pagtuntong sa kolehiyo.

Palibhasa magkaiba ang kinuha nilang kurso kaya magkaiba ang institusyon na kanilang pinasukan. Science-related kasi ang kurso nito samantalang siya ay Agricultural Engineering ang kinuha. Ang sinabi niya sa sarili ay mapapalago niya ang farm kapag gayong kurso ang kinuha niya. Hindi naman siya nagkamali.

Ngunit kahit nagkahiwalay sila ng pinapasukan ni Jeric ay nanatili pa rin ang kanilang pagkakaibigan. Ito lamang ang malapit niyang kaibigan. May pagka-boyish nga kasi si Janine noon kaya madalang ang mga kaibigang babae. Mas gusto niyang kasama sa lakaran ang mga lalaki, partikular na si Jeric dahil hindi ito maarte. Ayaw talaga niya sa maseselang tao. Kaya nga siguro kahit nagdalaga na siya ay alanganin pa rin ang mga lalaking manligaw sa kanya.

Hindi naman siya lesbian, iyon ang alam niya. Boyish nga lang siyang tingnan dahil sa kilos at

pananamit. Kaya nga nagulat talaga siya nang magtapat ng pag-ibig si Jeric. Truth to tell, she felt betrayed.

Kaisa-isa niya itong kaibigan. Sinira nito ang pagkakaibigang iyon dahil sa ginawa nitong pagtatapat ng damdamin sa kanya.

Mula noon ay hindi na niya ito muling kinausap. Para sa kanya ay wala na siyang best friend. Goodbye, Jeric. Para sa kanya ay isinakrispisyo nito ang kanilang pagsasamahan nang dahil lang sa sinasabi nitong nararamdamang pagmamahal para sa kanya.

Naiisip pa lang ni Janine ang admission ng kababata ay pinaninindigan na siya ng balahibo. At ang pinakamasaklap sa lahat ay siya ang sinisi ng ama sa nangyari. Boto kasi ito sa lalaki at hindi kaila sa lahat na itinuturing itong anak ni Francisco.

Noon ay palaging nasa kanilang bahay si Jeric. Napakalayo nga ng distansya ng kanilang tahanan ngunit hindi nito iyon alintana. Gamit ang bisikleta ay halos araw-araw itong nagpupunta sa kanila upang makipaglaro sa kanya. Madalas ay nagpupunta sila sa farm. Gayunpaman ay wala silang ginagawa upang makaistorbo.

Matagal na iyon. Ngayon ay nag-iba na ang

pakikitungo nila sa isa't isa. Dalawang taon na rin silang hindi nag-uusap. Aminado siyang hinahanap din niya ang presence ng lalaki. Pero hanggang doon na lang iyon. Mas mabuti na ang ganito na panatag ang kanyang kalooban. Hindi na kakabahan sa tuwing kasama si Jeric.

Kung bakit kasi ginawa pa nitong komplikado ang lahat. Maaari naman silang manatili bilang magkaibigan. Hindi niya alam kung ano ang pumasok sa kukote nito at nagtapat nang gayon.

Ngayon ay may kanya-kanya na silang buhay. Abala siya sa pamamahala sa farm samantalang ang binata ay abala naman sa clinic nito.

Magmula noong araw na binigo niya ito ay hindi na sila masyadong nagkita. Kung aksidente mang nagtatagpo ang kanilang mga landas ay di rin sila nag-uusap.

Hindi niya maintindihan kung bakit kailangang magbago ang lahat.

2

Kinabukasan ay maagang nagising si Janine upang maabutan niya sa bahay si Jeric. Mag-isa lamang itong nakatira roon, alam niya dahil pareho silang ulilang-lubos. Hindi stay-in ang katulong nitong si Aling Isay. Naunang pumanaw ang mga magulang nito bago nawala sa mundo ang kanyang ama at ina.

Alas seis pa lamang ng umaga ay naroon na siya sa tahanan nito at kumakatok sa pinto. Ngunit ilang minuto na ang lumipas ay hindi pa rin siya nito pinagbubuksan.

Naisip niya, baka hindi nito naririnig ang kanyang pagkatok. Lalo tuloy niyang nilakasan ang pagtawag sa pangalan ng lalaki.

“Jeric! Jeric! Naririnig mo ba ako? Buksan mo itong pinto...” Mayamaya pa ay narinig niya ang kaluskos na nanggagaling sa loob ng bahay.

“Sandali lang!” Bumukas ang pinto. Napatda ito nang mabungaran siya. Hindi makapaniwala ang lalaki na siya ang kaharap ngayon. Pajama bottoms lamang ang suot ng lalaki at walang saplot na pang-itaas.

Nairita ang dalaga sa biglang pagbilis ng tibok ng kanyang puso pagkakita sa hubad nitong dibdib kaya ang mukha nito ang kanyang tinitigan. “Puwede ba tayong mag-usap?” aniya na nakapamaywang. Alam nito na pinakaayaw niya ang pinaghihintay dahil madali siyang mainip.

“Tungkol saan?” tanong nito na nasa mga mata ang pagtataka. Hindi nga siguro nito inaasahan ang kanyang pagpunta sa bahay nito. Naisip niyang wala nga siguro itong kinalaman sa mga nangyayari.

“Mahabang kuwento. Kailangan nating mag-usap nang maayos.”

“Okay, tumuloy ka muna.”

Pumasok si Janine sa receiving room at naupo sa sofa tulad ng nakagawian. Pinagmasdan niya ang buong paligid. The house was exactly as it was before... walang ipinagbago. Nagmukhang hungkag ang lahat, malungkot ang ambiance ng bahay dahil siguro nag-iisa lamang ito roon.

Naupo si Jeric sa katapat na upuan. “Anong masamang hangin ang nagtaboy sa iyo rito?” tanong nito habang isinusuklay ang mga daliri sa magulong buhok. Halatang kagigising lang nito.

“Baka gusto mong magbihis muna?” komento

niya.

Tiningnan nito ang hitsura. “Hindi ka ba komportable sa ayos ko? Dati mo na akong nakikita sa ganitong ayos, di ba? Sa loob ng ilang taon na hindi tayo nag-uusap, may nagbago ba sa ’yo?”

“Idiot. Kung masaya ka sa ganyan, bahala ka.” Dalawang taon din silang hindi nag-usap. Tuloy ay parang nangangapa siya sa dilim. Hindi siya sigurado ngunit nararamdaman niyang may nagbago rito. Hindi lang niya matukoy kung ano.

“Sabihin mo nga, may kinalaman ka ba sa nakasulat sa testamento ni Papa?” walang paliguy-ligoy na usisa ng dalaga.

Sa pagkakatingin nito sa kanya ay daig pa niya ang tinubuan ng sungay. “Testamento? Ano ba’ng pinagsasabi mo? Nagkamali ka yata ng bahay na pinuntahan.”

Baka nga wala itong kinalaman sa nakasulat sa testamento. Ngunit mas mabuti na ang makatiyak. “Sigurado ka?” ani Janine.

“Ano ba kasi ang problema? Ano ba’ng issue sa sinasabi mong testamento?” tila naiinip na tanong ng kaharap.

Napilitan tuloy siyang magtapat dito tungkol sa naging pag-uusap nila ni Atty. David. Pero hindi muna niya binanggit kung ano ang kondisyon ng ama.

“Hindi nga? At ano namang kondisyon iyon?”

“Na kailangan kong magpakasal... sa 'yo.” Kinagat ni Janine ang labi habang inaaninag ang magiging reaksyon nito. Kilala niya si Jeric, alam na alam niya kung may itinatago ito.

Ngunit base na rin sa ikinikilos nito ay nakakasiguro siyang wala itong alam tungkol sa kondisyong nakasaad sa testamento ng kanyang ama.

“At kaya ka nagpunta rito ay para...”

“Para malaman ko kung may kinalaman ka sa nangyayari!” mabilis na salo niya.

“Sa tingin mo, may kinalaman ako sa kagustuhan ni Uncle?” Marahas na nagbuga ito ng hangin. “Iniisip mo ba na puwede ko siyang diktahan sa mga bagay na may kinalaman sa kaisa-isa niyang anak? Para namang hindi mo kilala ang sarili mong ama. Kapag nagdesisyon si Uncle Frank ay walang makakapagpabago n'un, not even me.”

May punto ang binata. “Alam ko kaya lang ay hindi natin maikakaila na gusto ka ni Papa para sa

akin.”

Tinitigan siya ng kausap. Pakiramdam niya ay tila tumagos iyon sa kanyang kaluluwa. “So what’s your point?”

Nagkibit-balikat si Janine. “Ewan. Hindi ko alam. Magulo ang isip ko ngayon. I can’t marry you, you know.”

“Gan’un pala. Ano ngayon ang problema? Halata namang hindi ka papayag na magpakasal sa akin. Ang mabuti pa, ihanda mo ang sarili sa maaaring mangyari. Tanggapin mo nang maluwag sa loob na mapupunta sa charity ang farm. Honestly, hindi ko maintindihan kung bakit ganito ang naging pasya ni Uncle.”

“Yun na nga, eh. Hindi puwedeng mangyari ‘yon!” salungat niya. “Marami na akong isinakripisyo alang-alang sa farm. Bukod doon ay naroon lahat ang magandang alaala simula pagkabata ko. Doon ako lumaki, Jeric!”

“Alam ko. Pero wala akong magagawa. One way or another, you must accept the possibility of losing the farm. Anyway, mukhang isang side lang ang nakikita mo ngayon. Hindi ba sumagi sa isipan mo na baka ayoko ring magpakasal nang dahil lang

idinidikta ng ibang tao?”

Hindi iyon naisip ng dalaga. Ang nasa isip kasi ni Janine, may pagtingin pa rin ito sa kanya. At kahit ano ang mangyari ay susuportahan siya nito, na papayag ito sakali mang naisin niyang magpakasal silang dalawa.

Ngunit dalawang taon na ang nakalipas. Hindi niya naisip na maaaring magbago ito ng damdamin. “Ano’ng ibig mong sabihin? May nagbago na ba sa damdamin mo para sa akin?”

“Walang nagbago sa nararamdaman ko. But you drove me away, remember? And I’ve learned to live my life without you. At isa pa, hindi ako papayag na magpakasal ka sa akin nang dahil lang sa testamento ng papa mo. A marriage for convenience doesn’t work for me,” paliwanag ng lalaki. “Sana’y maintindihan mo. Ang kasal ay kasal. Hindi iyon isang laro na kapag pinagsawaan ay maaaring tigilan. It’s a lifetime commitment and you know that.”

Tumayo si Jeric at tinungo ang pinto. Binuksan nito iyon. “Sa palagay ko ay wala na tayong dapat pag-usapan. Sorry, but I’ve got work to do.”

Nakakapanibago lang talaga ang ikinikilos nito ngayon. Hindi naman ito ganito dati....

“Good luck. Sana’y masolusyunan ang problema mo. I’m sorry ‘cause I can’t be of help to you.”

Nasagot na ang katanungan ni Janine. Walang kinalaman si Jeric sa nakasaad sa testamento.

Sa ikalawang pagkakataon ay nilisan niya ang lugar na iyon nang bigo.

Sumandal si Janine sa bakod at pinagmasdan ang kapaligiran ng farm.

Ang lupang kinaroroonan niyon ay nagmula pa sa kanilang lolo. Sa kanyang pagkakaalam ay less than eight hectares lamang ito sa simula. Nag-umpisa ang kanyang abuelo sa maliit na negosyo. Unti-unti ay lumago iyon sa tulong ng kanyang ama.

Nag-umpisa sa pagtatayo ng palaisdaan ang kanyang lolo. Dahil marami silang buyers sa bayan at mga kalapit-bayan ay nadagdagan ang kanilang palaisdaan. Kinailangan nilang bumili ng lupa nang sa gayon ay matapatan ang demand ng mga buyers nila.

Noon ay sila-sila lamang ang nagme-maintain niyon. Ngunit nagkaroon sila ng taniman ng mga prutas at gulay... Hindi lang iyon, nag-invest din sila

sa meat and poultry business.

Mula sa dalawa ay naging sampu ang kanilang mga trabahador. Mula sa walong ektarya na laki ng farm ay naging tatlumpu na ngayon.

Napakarami nilang paghihirap sa farm. Siya at ang kanyang pamilya.

Ngayon ay maaaring mawala ito nang dahil mismo kay Francisco.

Foolish old man.

Naisip niy Janine ang mga trabahador. Mahirap lamang ang mga ito at umaasa ng ikinabubuhay sa farm. Saan naman pupulutin ang mga ito sakaling nawalan ng hanapbuhay?

She was determined not to lose the place. Gagawa siya ng paraan upang masalba ang farm. Hindi siya makakapayag na masayang ang lahat ng pinaghirapan ng pamilya nila.

Paano kung ang tanging solusyon ay ang pagpapakasal kay Jeric? Iyon at wala nang iba? Kaya ba niyang magsakripisyo para sa kapakanan ng nakararami, para sa pagmamahal niya sa farm?

Kung sakaling pumayag siya sa kondisyon ng ama, ano ang mangyayari sa kanila ni Jeric? She

let him down two years ago. Ngayon ba'y kailangan niyang lunukin ang pride?

At isa pa, hindi rin ito willing na pakasalan siya. Dati siguro. Pero ngayon... hindi niya alam ngunit tila napakalaki ng ipinagbago nito. Siguro ay nawala na ang nararamdaman nitong pagmamahal sa kanya. After all, two years is a long time.

Ngunit bakit nasasaktan ang kanyang pride?

Ang mas malaking tanong, paano kaya niya ito makukumbinsing pakasalan siya?

3

Binigyan ni Janine ang sarili ng isang linggo upang makapag-isip siya nang maayos tungkol sa kinakaharap na problema.

Naalala niya ang nasirang ama. Paulit-ulit na tinatanong niya sa sarili kung bakit gayon na lang ang hinihingi nitong kapalit ng farm. Ano ang motibo nito? Alam naman nito ang kanyang damdamin sa mga bagay-bagay, ngunit bakit pinapahirapan pa siya nito until his last moment?

Siguro ay kailangan na niyang tanggapin ang pagkatalo. Hindi na lang niya iisipin ang sarili. Ang mahalaga ay maisalba ang farm. Ang mahalaga ay hindi mapaalis sa lupain ang mga trabahador.

Tama. Tatal ay dalawang taon lamang ang kailangang bunuin. Pagkatapos niyon ay maaari na silang maghiwalay ni Jeric. Wala namang maaapektuhan, di ba?

At least, hindi mawawala ang pamana ng kanyang ama.

Sa ngayon ang kailangan niyang isipin ay kung paanong makukumbinsi ang lalaki na umayon sa

kagustuhan niya.

Pagkatapos ng isang linggo ay saktong nagkasakit ang isang alaga nilang baka.

“Mang Jessie, pakitawag naman ang beterinaryo...”
At siyempre pa, ang beterinaryong tinutukoy niya ay walang iba kundi si Jeric. Ito naman talaga ang official vet ng farm.

Actually, gusto rin itong kausapin ni Janine tungkol sa farm. She had come to a decision and she wanted to talk to him. Hindi lang niya alam kung paano ito makukumbinsi. But she thought she would try her luck.

“Parating na raw si Jeric,” sabi ni Mang Jessie, ang katiwala ng farm.

“Sige ho, salamat!”

Habang hinihintay ang binata ay nag-isip muna siya ng magandang dialogue. Nakakanerbyos pala. Nakakatawa pa. Kung iisipin ay para siyang lalaki na magpo-propose sa kasintahan.

Pagkalipas ng isang oras ay dumating din ang hinihintay. Mula sa kanyang kinatatayuan ay kitangkita niya ang nagmamadaling anyo nito.

And she thought to herself that he had changed, indeed. Hindi lang ang pangangatawan kundi pati na rin ang pagdadala ng sarili. Gayon na ba katagal ang dalawang taon? Bakit bigla yatang sumeryoso ang aura ni Jeric? Tuloy ay parang nanibago siya rito. Hindi lang niya napansin ang mga pagbabagong iyon nang sadyain niya ito sa bahay nito dahil na rin siguro sa sobrang pag-aalala sa kanyang problema.

Nakapantalón at puting t-shirt na tinernuhan ng rubber shoes ang get-up ng lalaki. Napaka-casual ng dating kaya hindi aakalaing beterinaryo ito lalo na kung hindi papansinin ang itim na bag na dala nito. Mas bagay pa sigurong maging modelo ito sa magazine.

“Ano’ng problema?” tanong ng lalaki nang makalapit sa kanya.

“Pakitingnan naman ‘yung baka at mukhang may bali sa paa...” Itinuro niya ang kural na kinaroroonan ng hayop na malayo ang puwesto sa ibang baka. “Namamaga ang paa at hindi makatayo.”

Tumango ito. “Titingnan ko ang injury.” Tutunguhin na sana nito ang hayop ngunit pinigilan niya ito. Nagtataka ang anyo ni Jeric nang tingnan siya. “May kailangan ka pa?”

“Actually, meron nga. Maaari ba tayong mag-usap pagkatapos mong tingnan ang baka? May gusto lang sana akong sabihin sa 'yo.”

“Okay, walang problema.”

“Hihintayin na lang kita sa bahay kung puwede?” May kotse si Jeric kaya hindi na nito kailangan pang maglakad patungo roon. Hindi kalayuan ang kanilang bahay sa kinalulugaran ng kural at makakarating kaagad doon ang binata sa loob ng ilang minuto.

Gusto niya sanang makapag-usap sila nang maayos, iyong walang makakakita o makakarinig sa gusto niyang sabihin. It would be her advantage kung nasa sariling teritoryo siya. Hindi siya mangingiming sabihin ang lahat ng nais niyang sabihin.

“Okay.” Magsasalita pa sana ito ngunit sa bandang huli ay nanahimik na lamang. Alam niyang may ideya ito tungkol sa magiging topic ng kanilang pag-uusap. Pero hindi na ito nag-usisa pa.

“Salamat,” sabi ni Jsnine at tumalikod na. Bago siya umalis ay nagbilin muna siya kay Mang Jessie sa ito na ang bahala kay Jeric at sa may-sakit na baka.

Nasa kusina si Janine nang dumating si Jeric sa

kanilang bahay. Pinatuloy niya roon ang lalaki.

“Gusto mo ba ng maiinom?” Sa sobrang nerbyos ay hindi siya magkandaugaga sa pag-alok dito. “Juice? Kape? Tubig?”

Umupo ito sa silyang naroon.

Naalala tuloy ni Janine ang nakaraan. Noon ay laging naroon sa bahay nila ang binata at kasama niya sa kusina. Nakaupo pa ito mismo sa silyang kinauupuan ngayon.

“Kape na lang.” Ibinaba nito ang black bag sa katabing upuan.

Inihanda muna niya ang kape at pagkatapos ay umupo sa harapan nito. Hindi siya mapakali sa kinauupuan kaya tumayo siya at kunwa ay sumilip sa labas.

Ngunit hindi niya maloloko ang bisita. Kabisado nito ang kanyang ugali.

“Simulan mo na ang usapan, Janine. Alam ko namang ang farm ang pakay mo,” basag nito sa tensyonadong katahimikan.

Minabuti niyang kausapin na ito. Kahit pa nga ang mga inihandang dialogue kanina ay tila nakalimutan niya. “Tama ka nga. Siguro naman ay may ideya ka

na sa gusto kong sabihin ngayon?” umpisa niya.

Napabuntong-hininga si Jeric. “May ideya man ako sa gusto mong sabihin, mas nanaisin kong marinig iyon mula sa ’yo. I don’t want to jump into conclusions.”

“Okay. I would make things easier for you. Alam mo naman kung ano ang nakasulat sa testamento, tama? Sinabi ko na n’ung isang linggo, pero iisa-isahin ko pa rin ngayon para siguruhing nagkakaintindihan tayo.” Humalukip siya, sumandal sa pasimano ng bintana. Si Jeric naman tulad ng nakagawian ay kampanteng nakapatong ang mga paa sa ibabaw ng mesa. Noon ay madalas nilang pagtalunan iyon. Ngunit ngayon ay matatanda na sila kaya hindi na dapat pang pag-awayan ang gawi nito.

But truth to tell, the sight of his booted feet on the table warmed her heart. The sight brought back sweet memories. Siguro ay na-miss niya ang ganitong mga eksena kahit pa nga ang miminsang kagaspangan ng ugali nito ay ikinaiinis niya. Moreover, she admired his elegant feet.

Katulad ng sinabi, inisa-isa niya ang mga nakasaad sa testamento ng kanyang ama. “May kondisyon akong dapat sundin para maging legal kong pag-aari ang farm at alam mo ang tungkol

doon,” dugtong niya.

“Na dapat tayong magpakasal para hindi mapunta sa charity ang farm,” susog nito.

“Exactly.”

“Ano’ng balak mong gawin ngayon? ‘Wag mong sabihin sa ’kin na balak mong sundin ang utos ni Uncle Frank?”

“That’s exactly what I wanted to do. Kaya nga kinausap kita dahil gusto kong hilingin sa ’yo na—”

“Forget it.” Umiling ito.

Para siyang nabingi. Hindi niya yata naintindihan ang sinabi nito. “What!”

Pero matigas si Jeric sa pagtanggì nito. “I said forget it. Drop this crazy idea. Hindi tayo maaaring magpakasal.”

“Pero...” Nanghihina siyang napaupo sa katabi nitong silya. Ayaw sana niyang makiusap ngunit mas ayaw niya naman kung ang kapalit ng pride ay ang farm. She never begged for anything in her life. Ngayon ang una. “Alam mo ba ang ibig sabihin ng pagtanggì mo? Mawawala sa akin ang farm! Napakalaki ng paghihirap ko sa pag-iintindi lamang nito. Alam kong alam mo ‘yan pero bakit hindi mo

ako maintindihan? Kilala mo 'ko, Jeric. Simula sa pagkabata ay kilala mo na ako. At alam ko rin na more than anything in this world, tanging ang farm lang ang nais ko.”

“Mali ka, Janine. Naiintindihan kita. Ako ang hindi mo maintindihan. I’m sorry pero hindi ko mapagbibigyan ang hiling mo. Masyadong mabigat, hindi ko kaya.”

Sinubukan ng dalaga na konsyensyahin ito. Normally, hindi niya iyon gawain kaya lang ay nauubusan na siya ng alternative. “ Why not? I thought we’re friends.”

“We *were* friends. Take note of the past tense. Two years ago, I risked that friendship for so much more. Believe me, naiintindihan ko naman ang pagtangga mo. Pero gusto ko mang ibalik ang dati nating pagsasamahan ay hindi na puwede dahil marami nang nagbago sa atin, sa ‘yo... Pero kahit gan’on ay hindi ko pinagsisisihan ang ginawa kong pagtatapat dati.”

“Yun naman pala, eh! Ano ang ngayon ang problema? Ang sabi mo mahal mo pa rin ako. Hindi siguro kataka-taka kung magpakasal tayo.”

He sighed. “I have a girlfriend, Janine.”

“G-girlfriend?” Hindi niya naisip ang bagay na iyon. Napakarami nang nangyari mula nang nagkalayo ang kanilang mga kalooban. But she felt betrayed! Hindi tama ang kanyang nararamdaman, ngunit hindi niya mapigilan na mainis. Naisip ni Janine, dapat ay alam niya ang ganitong bagay tungkol kay Jeric. They used to be friends, didn’t they?

Iyan ang problema, dati silang magkaibigan. Dati.

Kasalanan naman niya ang pagkakasira ng kanilang pagkakaibigan dahil itinaboy niya ito noon.

Nasa malayo ang tingin ni Jeric.

“Hindi ko alam na may girlfriend ka na pala. Tell me, sino ang sinasabi mong girlfriend?”

“Si Roxanne.”

“Roxanne? But...” Kilala niya ang sinasabi nitong nobya. Si Roxanne Valdez, isang nurse sa provincial hospital at kaklase nila noong high school. Maganda ito. Hindi lihim sa kanila ang matinding pagkagusto nito kay Jeric noon pa man. “Ang sinabi mo sa akin noon hindang-hindi mo siya papatulan. Ano’ng nangyari?” usisa niya.

“Things change, opinions change,” simpleng

tugon ng binata.

“Yeah, and people change too. At ang Jeric na alam kong may taste pagdating sa babae ay nagbago na rin pala. What happened to your good taste? Alam nating pareho ang kalibre ni Roxanne—”

“Nakalimutan mo yata na girlfriend ko ang pinaguusapan natin ngayon?” putol nito. “I won’t tolerate badmouthing, Janine. Not even from you,” malamig na turan nito. “At ipapaalala ko lang na hindi na tayo tulad ng dati. We’re no longer friends, or have you forgotten? ‘Yon ang pakiusap mo sa akin two years ago, di ba? Na layuan kita? I respected your decision, now I’m asking you to do the same.”

“Ang mga importanteng tao sa buhay mo? At hindi ba ako kabilang d’on?” she asked in a desperate tone.

Kumunot ang noo ng binata. “What’s the matter with you? Alam mo ang ibig kong sabihin! Hindi ba’t *ikaw* ang may kagustuhang mangyari ang lahat ng ito? Ang sabi mo pa nga, mabuting ‘wag na tayong magkita nang sa gayon ay makalimot ako kasi kaibigan lang ang turing mo sa akin.

“Tell me, masama ba ang loob mo dahil nabubuhay pa rin ako kahit wala ka? You ought to

be happy for me, Janine. For yourself, too, dahil iginalang ko ang desisyon mo.”

“Yes, maybe I should be happy...” Masama ang kanyang loob dahil mukhang masaya na ito ngayon kahit hindi siya kasama. May ibang babae na sa buhay ni Jeric na siyang nagpapasaya rito. “Okay, I am sorry. Kasalanan ko. Hindi ako dapat nagsalita laban sa nobya mo. Hindi rin kita dapat itinulak na palayo noon. We should at least be civil to each other. Pero nasanay lang kasi ako na... oh, never mind! Hindi na iyon mahalaga.”

Matagal silang hindi nag-imikan. Si Janine na mismo ang bumasag ng katahimikan dahil tila walang balak na magsalita ang kababata. “Please, Jeric, kahit ngayon lang pagbigyan mo sana ako. Alam kong wala akong karapatang humingi sa ’yo ng kahit na ano, pero alang-alang sa pinagsamahan natin... please?”

“Napaka-unfair mo naman, Janine. Alam mo ba ang hinihingi mo sa akin?”

“Unfair na kung unfair pero hindi ako makakapayag na mawala ang isang bagay na mahalaga sa akin. Tulad mo, biktima ako sa nais mangyari ng aking ama!”

Ibinaba nito sa sahig ang mga paa at ipinatong

ang mga siko sa mesa. Napasimangot ang guwapo nitong mukha. “I would agree to your father’s condition if I could. Pero napakahirap pagbigyan ng hiling mo. Ayokong saktan si Roxanne... she’s been good to me. I don’t want to hurt her feelings. At isa pa...” Jeric looked her straight in the eye. “...ayokong magpakasal sa isang babae na walang nararamdamang pagmamahal para sa akin.”

Hindi nakaimik si Janine.

“Kung noon pa sana ito nangyari, baka mapagbigyan pa kita,” katuwiran nito. “But right now I can’t give what you want. Maintindihan mo sana ako.”

“One last shot. Dalawang taon lang naman tayo magsasama, Jeric. Pagkatapos ng dalawang taon, maaari mo nang balikan si Roxanne kung gusto mo... ‘Yon ang kondisyon ng testamento. Kailangan lang nating magsama in a definite period of time, pero pagkatapos niyon bahala ka na kung anuman ang gusto mong gawin sa buhay mo.”

Tumawa nang sarkastiko si Jeric. “Babalik sa sariling buhay pagkatapos ng dalawang taon na parang walang nangyari? Gan’un ba ang ibig mong sabihin? Na parang napakasimple ng lahat at para lang akong naglaro? Sa tingin mo ba, laro lang ang

kasal, Janine? Marriage is a sacred sacrament! I can't compromise my beliefs for the sake of a damned piece of paper!"

"Jeric... please?" Unti-unti na siyang nawawalan ng pag-asa. "Maaari bang pag-isipan mo muna? Saka na tayo muling mag-usap pag nakapagdesisyon ka na. Please naman, Jeric. Can't you see that I'm desperate? I promise that I won't bother you again after this."

"Right. Is that a consolation of some sort? Of course you won't bother me again. Dalawang taon nga naman tayong magkasama kapag pinagbigyan kita. It doesn't make sense."

"Jeric ..." Hinawakan niya ang isang kamay nito.

Matagal na rin niyang hindi nagagawa ang gayon. He looked surprised, though.

"Pag-isipan mo muna... please, Jeric?" pakiusap ng dalaga.

Tama siya ng hinala. "Fine. I'll think about it for three days. Kapag nakapag-isip na ako'y mag-uusap tayo ulit."

Sa sobrang tuwa ay niyakap niya ang lalaki.

"Oh, thank you..." Ngunit kaagad din siyang kumalas nang ma-sense ang pagiging uncomfortable

nito.

“Huwag ka munang umasa dahil nga tulad ng sinabi ko, pag-iisipan ko muna. Hindi ibig sabihin niyon ay pumayag na ako,” paalala nito.

“Of course,” aniya habang pilit na sinusupil ang isang ngiti. Kapag kasi nakita iyon ng kababata ay baka magbago pa ang isip nito.

4

Habang hinihintay ni Janine ang isasagot ni Jeric sa kanyang proposal, inabala niyang muli ang sarili sa pagtatrabaho sa farm.

Naging abala siya sa palaisdaan. Nang araw na iyon ay nakapagbenta sila nang malaki sa mga regular buyers kaya naman binigyan niya ng bonus ang mga trabahador. Siyempre pa'y tuwang-tuwa ang mga ito.

Tulad ng nakagawian, nagtungo siya sa central business district ng kanilang bayan nang hapon na iyon upang ideposito ang pera sa bangko. Ipinarada niya ang owner-type jeep sa parking lot ng establishment at papasok na sana siya sa loob nang biglang makarinig ng pagtawag sa kanyang pangalan.

Lumingon siya at nakita si Roxanne na kumakaway. Ang pinapasukan kasi nitong ospital ay katapat lamang ng bangkong pagdedeposituhan ng kita ng farm.

Kinawayan niya rin ito. Siguro ay imbitasyon iyon para rito kaya tinawid nito ang kalsada. Sinalubong niya ito.

“Kumusta ka na?” tanong ng babae na abot

hanggang tainga ang pagkakangiti. Gayunpaman ay pinagmasdan nito ang kanyang hitsura.

Alam naman niya ang nakikita nito. Ang usual get-up niyang puting t-shirt at jeans na tinernuhan ng puting running shoes. Ang buhok niya ay simple lamang ang pagkaka-ponytail.

Pinagmasdan din niya ang hitsura ng babae. Nasorpresa talaga siya sa malaking pagbabago nito. Nakasuot ito ng pantalon at simpleng tank top, flat open-toe sandals at walang bahid ng makeup ang makinis nitong mukha. Simple lamang ang gayak pero attractive pa rin ang dating.

Hindi ito ganoon manamit noon. Dati, laging two inches high ang takong ng pumps o sandals na mahilig nitong isuot. Madalas pang revealing ang kasuotan nito at laging naka-miniskirt.

Bakit kaya napakalaki ng ipinagbago nito? Dahil kaya kay Jeric?

“Mabuti naman,” sagot niya kay Roxanne. “Ikaw, kumusta ka na?”

“Mabuti rin. Papalabas na ako galing duty nang makita kita kaya nga tinawag kita.”

“Gan’un ba? Ang aga naman yata ng uwian mo.

Past two pa lang ng hapon, ah.”

Ngumiti ito. “Shifting kasi ang schedule sa ospital. Six a.m. to two p.m. ang schedule ko ngayon kaya naisipan naming kumain sa labas ni Jeric.”

“Kasama mo si Jeric?” Bahagyang namilog ang kanyang mga mata. Hindi niya kasi inaasahang makikita rito ang lalaki. At kasama pa si Roxanne!

“Oo, nag-withdraw lang siya ng pera sa isang ATM machine.”

At speaking of the devil, nakita nga niya ito na papalapit sa kanila.

Mukha ring nagulat ang lalaki nang makita siyang kasama ang nobya nito. Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa.

Nang mapansin ito ni Roxanne ay kaagad itong kumapit sa braso ng katipan.

Nagkatinginan sila ni Jeric. Ang pakiramdam tuloy niya ay siya ang sabit o extra sa eksena.

“Nakita ako ni Roxanne habang papasok na sana ako sa bangko,” paliwanag ni Janine. Napaka-plastic ng tingin niya sa sarili.

Hindi pa man nakakasagot ang lalaki ay sumabat

sa usapan si Roxanne. “Oh? Paano mong nalaman na kami ni Jeric? Hindi ko naman nabanggit sa’yo kanina, ah.”

“Ah, kasi... nabanggit niya sa akin kahapon.”

“Kahapon?” Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa ng binata.

Siya na ang nagpaliwanag. “Nagkasakit kasi ang isa sa mga alagang baka namin sa farm. So nagpatawag tuloy ako ng beterinaryo. Si Jeric nga.” Alam niyang wala siyang dapat ikatakot malaman man nitong nagkita sila ni Jeric. Wala naman silang ginagawang masama.

Pero dahil nga kinukumbinsi niyang pakasalan siya ng lalaki ay hindi niya maiwasang ma-guilty. Kapag nagkataon ay makakasira siya ng isang relasyon. Kapag nagkataon ay kamumuhian din siya ng babae.

“Gan’un ba?” sagot nitong patangu-tango.

“Oo.” Umakto siyang paalis na. “Sige, ha? Ingat na lang kayong dalawa. Kailangan ko pa kasing magdeposito ng pera sa bangko...”

“Teka lang, Janine,” pigil ni Roxanne. “Bakit hindi mo muna kami samahang kumain ni Jeric?”

Malapit lang ang fastfood dito, right, honey?” sabi pa nitong hinihingi ang opinyon ng nobyo.

Non-commital ang lalaki. “Ah, oo naman! Kung gusto mong sumabay sa amin, why not?”

Ikinainis niya ang tonong ginamit nito. Bakit kung magsalita ito ay parang hindi sila naging magkaibigan sa loob ng ilang taon? “Ayoko namang makaistorbo sa privacy ninyo. Anyway, hindi pa naman ako nagugutom, eh,” sabi na lang niya.

“Oh, come on! Minsan lang tayo magkakakuwentuhan, tatanggi ka pa?”

Dahil sa pagpipilit ni Roxanne ay napilitan siyang sumabay sa mga ito. Nevertheless, nagpahuli siya sa paglalakad. Ayaw niyang makaistorbo sakali mang nais ng mga itong maglampungan sa daan. Malapit lang ang isang fastfood sa lugar nila kaya madali nila iyong narating.

Gayunpaman ay hindi yata balak makipagkuwentuhan ng dalawa, partikular na si Roxanne. Iritang-irita si Janine sa ginagawa nitong public display of affection. Subo ng fries dito, subo ng chicken doon. Subuan nang subuan na tila nakalimutan yatang kasama siya.

Sana nga’y hindi na lamang siya sumama....

Ngunit mayamaya pa'y umubo si Jeric. Iyon ang paraan ng pagpapaalala nito sa nobya na kasama siya ng dalawa at pinagmamasdan ang mga ito. Siguro ay nahulaan ng lalaki ang kanyang nararamdaman nang mga oras na iyon. Ano ang silbi ng mahigit twenty years nilang pagsasamahan kung hindi rin lang naman nito nakabisado ang kanyang ugali?

Pero naghihinala siya na baka sinasadya nito na ipakita ang gayon sa kanya. Na sinasadya nitong mairita siya.

Siguro nga.

Nang tila mahimasmasan si Roxanne ay nagsalita ito. "Ah, Janine... could you do me a favor? Magkakaroon kasi ng party ang ospital. Maaari ka bang dumalo?"

"Ha? Bakit?"

"You see, I promised a dear friend of mine na hahanapan ko siya ng partner. I thought it's a good idea kung ikaw ang makakapareha ni Joseph. Foursome tayo, di ba?"

Sinulyapan ni Janine si Jeric. Halata sa facial expression nito na nagulat din sa sinabi ng nobya. "Hindi ako mahilig sa mga parties, eh," sagot niya sa babae.

Ngunit mapilit ito. “Sige na naman, please? Ayaw mo ba n’un, magkakaroon tayo ng get-together ng best friend mo? Alam kong para na kayong magkapatid ni Jeric kaya kapatid na rin ang turing ko sa ’yo. Nais ko sanang magkalapit ang mga loob natin.”

Para siyang nahirinan sa narinig. Gusto talaga niyang tanggihan si Roxanne. Pero ano na lang ang sasabihin nito sa kanya? Na hindi siya marunong makisama? At saka, nakikiusap naman ito nang maayos...

“Oh, sige na nga. Pero para sa akin, hindi date ‘yon. Kung hindi ka lang nakikiusap ay talagang hindi ako pupunta,” ani Janine.

Hindi magkandaugaga ang babae sa pagpapasalamat. Si Jeric naman ay nakatitig lamang sa kanya na tila hindi makapaniwalang pupunta siya sa party.

Naisip niya, kung alam lamang ni Roxanne ang tungkol sa napag-usapan nila ng nobyo nito nang nakaraang araw ay hindi siya nito aalukin ng gayon. Wala nga siguro sa isipan nito na hindi lamang bilang kapatid ang turing sa kanya ng binata. Walang kaalam-alam ang babae na hanggang ngayon ay siya pa rin ang minamahal ng kababata niya.

Tough Love - Olivia Ray

Nang matapos na siya sa pagkain ay nagpaalam na siya sa magkatipan upang magtungo sa bangko.

Nang gabing iyon ay pinagmasdan ni Janine ang sarili sa salamin ng banyo. Nakakatawa. Ang tanging oras na nagmumukha siyang feminine ay kapag wala siyang saplot sa katawan.

Mali siguro ang choice niya ng pananamit. Mahilig kasi siya sa pantalon, sa boots, sa maluluwag na t-shirts. Hindi nakakatulong ang buhok niyang laging nakapusod o naka-ponytail. Ni hindi rin siya nagsusuot ng hikaw o kahit anumang abubot sa katawan. Hindi naman kasi iyon kailangan kapag nagtungo siya sa farm.

But she hadn't thought that people would assume that she was a full-blooded tomboy. At hindi na siya nag-abalang baguhin ang inaakala ng mga ito. Wala na siyang magagawa.

Hindi siya lesbian.

There was a time when she got really confused with herself. Dahil wala siyang nararamdamang attraction sa opposite sex ay inakala nga niyang tibo siya. She was wrong. Dahil kung hindi, bakit siya naiinsulto kapag itinuturing na tomboy?

Humiga na siya sa kama pagkatapos mag-shower. Hindi pa siya dalawin ng antok. Walang anu-ano ay naglaro sa kanyang isip ang imahe ni Jeric.

Ano nga kaya ang kanyang gagawin kung sakaling hindi ito pumayag? Alam nila pareho kung ano ang manyayari. Kailangan niyang mapapayag ang lalaki na siya ay pakasalan.

She was confident that he would agree. After all, naging matalik silang magkaibigan sa napakahabang panahon! Napakawalang-puso naman nito kung ilalaglag siya sa ganitong sitwasyon.

Hindi siya susuko sa laban na inumpisahan niya.

Bumangon siya at lumabas ng silid upang magtungo sa kusina. Magtitimpla siya ng kape.

Kailangan niyang makaisip ng mabisang solusyon sa problema upang pakasalan siya ni Jeric. Namilog ang kanyang mga mata sa tuwa nang walang anu-ano ay isang bagay ang kumislap sa kanyang isipan.

Pipikutin niya ang binata! Iyon ang kanyang Plan B.